**Ika-apat na Baitang**
**Modyul 5**

# PALAKUMPASANG $\frac{4}{4}$



## ALAMIN MO

Ang pulso ay maaaring pangkatin nang apatan. Ito ay nasa palakumpasang $\frac{4}{4}$. Katulad sa palakumpasang $\frac{2}{4}$ at $\frac{3}{4}$ tumatanggap ang apatin o kapat na nota o pahinga ng isang kumpas o pulso sa bawat sukat.

Ang unang pulso ay may diing higit na mabigat kaysa ikalawa, ikatlo at ika-apat na pulso tulad nito:

Mabigat, magaan, magaan, magaan

Ang daloy ng tunog sa palakumpasang $\frac{4}{4}$ ay ganito

```
>           >           >
|  |  |  |  |  |  |  |  |  |  |  |
```

Sa paggamit ng panghating guhit, ang pulso ay napapangkat sa metrong apatan o palakumpasang $\frac{4}{4}$

```
4 |  >            |  >            |  >
4 |  |  |  |  |   |  |  |  |  |   |  |  |  |  |
  |  1  2  3  4   |  1  2  3  4   |  1  2  3  4
  ↑
  panghating guhit
```

Sapagkat ito ay may apat na pulso sa bawat sukat kaya't bumibilang tayo ng

```
>               >
1 - 2 - 3 - 4   1 - 2 - 3 - 4
```





## GAWIN MUNA

Bigkasin mo at sabayan ng palakpak ang bawat tanda ng pulso.

| | |
|---|---|
| > <br> \| \| \| \| <br> Jo - se - li - to | > <br> \| \| \| \| <br> Ro - sa - lin - da |
| > <br> \| \| \| \| <br> An- ge - li - to | > <br> \| \| \| \| <br> Es - pe - ran - za |
| > <br> \| \| \| \| <br> Mar - ce - li - no | > <br> \| \| \| \| <br> Car - me - li - ta |

Ang daloy ng tunog na ipinalakpak mo ay may apatang pulso. Ang unang pulso ay may mabigat o malakas na diin.



## PAG-ARALAN MO

1. Itapik mo ang pulso ng awit -"Bayang Sinta" $\frac{4}{4}$, C, so
   ( Ref. Music Time–Lower Primary p. 153)

| > | | | | | > | | | | |
A – king sini sin tang ba- yan ____

| > | | | | | > | | | | |
Ba- yang saga- na sa a - raw ____

| > | | | | | > | | | | |
Lu- pa i-tong ki- na- gis - nan __

| > | | | | | > | | | | |
Di - to a - ko ma bu - bu- hay __



2. Ipalakpak mo nang malakas ang mabigat na pulso at mahinang palakpak sa magaang pulso.

Sagutin mo

- Ilan ang laman ng bawat sukat?
- Bilangin mo
- Ipalakpak muli at magbilang.  Ilakas ang bilang sa unang kumpas na may diin

3. Lumikha  ka ng kilos na angkop sa bilang na

| > 1 - 2 - 3 - 4 | > 1 - 2 - 3 - 4 |

4. Awitin ang Bayang Sinta





## SUBUKAN MO

1. Awitin ang "Tulog na, O Neneng" $\frac{4}{4}$, G, do (Ref. Music Time, Lower Primary , p. 132)




2. Ipalakpak mo ang pulso ng awit. Ilang pulso mayroon sa isang sukat?
3. Iguhit mo sa papel ang daloy ng pulso ng awit sa palakumpasang $\frac{4}{4}$.

Hal:


| > | | | | | > | | | | |
| Tu- log na, O | Ne neng |

| Na nay ay ma | la - yo |

| Ma - pu - tik sa | da - an |

| Di ko ma- su- sun- | do -------------------- |





## TANDAAN MO

Ang palakumpasang apatan ay isinusulat na $\frac{4}{4}$. Ito ay may apat na pulso o kumpas sa bawat sukat. Tulad ng $\frac{2}{4}$ at $\frac{3}{4}$ ang unang pulso ang may mabigat o malakas na diin.



## PAGTATAYA

Sagutin ang mga tanong:

1. Ilang sukat mayroon ang awiting Tulog na, O Neneng?
2. Ilang pulso o bilang mayroon ang isang sukat?
3. Saan nakalagay ang diin sa palakumpasang $\frac{4}{4}$ ?

\



Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.